# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 46
# Ang sulat ni Jesus sa Simbahan ng Smirna

"8 At sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at muling nabuhay:9Nalalaman ko ang iyong kapighatian, at ang iyong kadukhaan (datapuwa't ikaw ay mayaman), at ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. 10Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. 11Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan." (Pahayag 2:8-11)

"8At sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at muling nabuhay:" (Pahayag 2:8) Ang simbahan sa Smirna ay matagumpay na simbahan, na tumayong ganap sa paguusig at sa mga naghirap na mga martir dahil sa paulit ulit na paguusig mula sa mga tinatawag na mga Judio ngunit sila'y mga bulaaang patotoo mula kay Cristo at nagsulong ng paguusig at pagpatay sa mga banal ng Diyos. Malamang ang simbahang ito ay nakatayo sa Izmir kung saan ay sibilisadong Turkey ngayon.

Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at muling nabuhay: Iyon ang paraan ni Jesus upang ipakilala ang Kanyang pangalan sa simbahang ito, ang una at ng huli, na Siya ang una at ang huli, kaya Siya ang may buong kontrol ng lahat ng bagay at nalalaman Niya kung ano ang nangyayari, Na namatay at muling nabuhay, ang katulad sa Kanyang ipinahayag sa Kanyang sarili noong una "At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades." (Pahayag 1:18) Iyon ang paraan ni Jesus upang hikayatin sila, na inilagay Siya sa kamatayan, inilibing gaya ng ating nalalaman, at Siya ay nabuhay mula sa kamatayan at nabubuhay. Hinihikayat Niya ang simbahan at ang mga banal ng simbahan na huwag matakot mula sa paguusig at kamatayan, sapagkat kahit na sila'y ilagay sa kamatayan, Itataas Niya sila, at sila'y kanyang itataas at mabubuhay gaya na Siya ay nabubuhay. Si Jesus sa sulat na ito hinihikayat Niya sila at hinihikayat Niya tayo ngayon na kahit na tayo'y mamatay, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan at mabubuhay tayo kasama Niya magpakailan man.

Malamang ang simbahang ito, ang simbahan ng Smirna at itinanin ng o sa pamamagitan ni Apostol Pablo gaya ng kinahinatnan ng kanyang gawa sa simbahan ng Epeso, sa pamamagitan niyon ang lahat ng gawa na nakatahan sa Asia ay narinig ang mensahe, "At ito'y tumagal sa loob ng dalawang taon; ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan sa Asia ay nangakarinig ng salita ng Panginoon, ang mga Judio at gayon din ang mga Griego." (Mga Gawa 19:10) Ang ilan ay nagiisip ng kasalukuyang anghel o pastor ng simbahang ito, ay si Polycarp, ang disipolo ni Juan. Irenaeus, na kilala siya, sinasabing siya'y itinalagang obispo ng Smirna sa pamamagitan ng mga apostol, at dito siya ay namighati ng pagkamartir at inilibing.

Dito ang Panginoon ay hindi nagbanggit ng anumang negatibo tungkol sa simbahan ito, dahil kung ang kalooban ng Diyos para sa simbahang ito ay usigin at sila'y patayin at nanatili sa pagtalima sa Diyos at nagpatuloy sa paraang ito hanggang sila'y patayin, sa gayon iyong ang kinakailangan nilang gawin. Ang Diyos ay may binalangkas na paraan sa isa at bawat isa sa atin upang sundin. Hindi natin maaring balangkasin ang ating sariling kaparaanan. Ang ibig kong sabihin na hindi mo maaring balangkasin ang iyong sariling kaganapan upang isabuhay ang iyong buhay. Huwag mamangha sa mensahe, ngunit ang Diyos ngayon ay hinaharap ka, na huwag gumaya kay Jonas na pinalitan ang misyon ng Diyos sa Nineve, sa kanyang sariling misyon na pumunta sa Tarsis.

Sinasabi din na posible na isa sa mga disipolo ni Pablo, na ang kanyang pangalan ay Apelles, na nagtanim ng simbahan sa Smirna at siya ang pinuno, "10 Batiin ninyo si Apeles na subok kay Cristo. Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni Aristobulo." (Roma 16:10) Kung paanong si Apelles ay pinahintulatan ni Cristo? Sa pagtitiis sa paguusig. Ang paguusig ay maaring magsimula sa pagsasalita, panlalait, paninirang puri, masasamang salita, pagkatapos pagharang sa ekonimiya, pagbubukod, pangkuha ng mga ari arian, pisikal na pananakit, pambubogbug, pagpapahirap, at pagpatay. Itong lahat ay maaring mangyari sa paguusig, at tayo'y mapapagtibay kay Cristo sa pamamagitan ng lahat ng mga bagay na ito. Tayo ay papagtibayin kay Cristo kapag tayo'y handang dumaas sa pagpipighati at paguusig sa lahat ng mga pwersa na itinalaga ng Diyos para sa atin na pagdaraanan sa ating buhay.

Ganon din, maaring may takot sa puso ng mga kasapi ng namumuno ng simbahan, at sila'y natatakot mula sa paguusig at mula sa pagharap sa mga kaguluhan mula sa mga nang'uusig sa kanila. O maari nilang isipin na tumalikod mula sa makipot at mahirap na daan na hinayaan ng Diyos na kanilang pagdaanan. Kaya't ang sulat na ito ni Jesus ay ipinadala sa simbahan sa tamang panahon, at sa atin ngayon , upang tulungan sila at tayo na magtiis sa pagharap sa paguusig. Alam ng Diyos na ikaw ay pinaguusig at pinupwersa mula sa kabi kabilang dako, at kailangan mong manindigan at maging matatag sa Kanya, sapagkat ang iyong ginagawa ay tama. Samakatuwid magpatuloy sa pagtitiyaga at panatilihin ang iyong karapatang manindigan para sa Diyos.

"Nalalaman ko ang iyong kapighatian, at ang iyong kadukhaan (datapuwa't ikaw ay mayaman), at ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas." (Pahayag 2:9) Narito si Jesus ay ipinapahayag sa simbahan ang malakas na mga puntos na mayroon ang simbahang ito.

1. Ang kanilang mabubuting gawa gaya ng Kanyang sinabi "Nalalaman ko ang iyong kapighatian": Ginagawa nila ang mabubuting gawa na ang Panginoon ang unang naghanda para sa kanila upang gawin. Hndi lamang gawa kundi mga gawa. Nais ng Diyos sa atin na magparami ng mga gawa na nauna Niyang inihanda para sa atin upang gawin. Oo, nasa harapan mo ang mabubuting gawa na inihanda ng Diyos at nais Niya na gawin mo.

2. Ang kanilang pagtitiis sa mga pagsubok at kaguluhan at kapighatian: Ang ang mga kapighatian at mga kaguluhan na kanilang pinagdaraanan, at kanilang binabata ito dahil handa nilang sundin si Cristo, at yaon ang paraan upang makapasok sa Kaharian ng Diyos. Si Pablo at Barnabas ay pinagtibay iyon sa mga disipolo: "22 Na pinatitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios." (Mga Gawa 14:22) Ang kapighatian na ating pinagdaraanan ay mahalaga para sa atin upang makapasok sa Kaharian ng Diyos. Tayo ay narito tinagubilinan na pumasok sa Kaharian ng Diyos sa maraming mga kapighatian at hindi sa mga kasiyahan, o maraming mga pagdiriwang. Ang mga simbahan na naglalaan ng maraming panahon sa mga handaan, mga pagdiriwang, mga kasiyahan, pagtatawanan ay hindi gumagawa ng mabuti na may kinalaman sa Banal na Kasulatan. Ako'y naniniwala na sila'y pumupunta sa maling daan.

Tayo'y magkakaroon ng mga kapighatian dahil sinasalita natin ang katotohanan at dahil ayaw nating makipagkompromiso kaya tayo'y mayroong mga kapighatian at iyon ay tama. Ang Diyos din sa ganoon ay nagbabala sa atin na huwag iwasan ang mga kapighatian at lumihis mula sa makipot ba daan sa sarili nating pakikipagkompromiso, pagpapapuri, at iwasan na harapin ang mga sigalot, iwasang harapin ang mga sitwasyon na kamumuhian tayo ng mga tao, at sa ating kawalan ng kagustuhan upang magdusa para kay Cristo.

3. Ang kanilang kayamanan sa espirituwal na mga bagay (ngunit ikaw ay mayaman) Sila'y mahirap sapagka't sila'y pinagusig; ibinukod, nawala ng kanilang trabaho, nasa ilalim ng parusa, at ang kanilang materyal na mga bagay ay kinuha. Sila'y walang habol sa materyal na mga bagay sa sanglibutang ito. Ngunit sila'y mayaman sa ibang mga bagay kagaya ng pananampalataya, mayaman sa mabuting gawa ng Diyos, mayaman sa paglilingkod, at mayaman sa biyaya ng Diyos, mayaman sa kapayapaan ng Diyos, at mayroong buhay na walang hanggan at walang hanggang kayamanan. Sila'y hindi mayaman sa materyal, ngunit sila'y mayaman sa espirituwal. Isa sa mga uri ng paguusig ay ang parusang pang-ekonomiya upang pilitin kang magpasailalim sa kanilang kagustuhan. Maaring hinayaan ng Diyos iyon at kailangan nating isuko ang ating sariling materyal na kayamanan upang mapanatili ang pagbibigay ng tamang mensahe ng Diyos sa mga tao. Sa ganoong paraan kailangan nating magtiyaga at maging handa na maghirap na mawalan para kay Cristo.

4. Ang kanilang pagtitiis sa paguusig: gaya ng sinabi ni Jesus sa kanila "at ang iyong kadukhaan (datapuwa't ikaw ay mayaman), at ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas." : Alam ni Cristo ang mga kumakalaban sa kanila, sila'y tinatawag na mga Kristiyano, ngunit sa pangalan lamang, sapagkat ang kanilang mga gawa ay salungat sa kanilang ipinagtatapat sa kanilang sarili. Dahil sa kanila ang pangalan ng Diyos ay nilapastangan sa gitna ng mga Hentil. Sa mga namumusong dito ay ang hindi mga totoong mananampalataya. Sila ay ang sinagoga ni Satanas batay sa kanilang ginagawa ng masasamang gawa. Sila'y tinatawag na mga Kristiyano ngunit sila'y mga immoral, mga magnanakaw, bulaang mga guro at ang pangalan ng Diyos ay namusong dahil sa kanilang kasamaan at masamang asal. Ang simbahan ito ng Smirna ay pinagusig alinman ng mga Judio kaya naman tinawag Niya silang sinagoga ni Satanas, o sa mga Kristiyano na may masamang patotoo kay Cristo at ang taga-usig ng Kanyang simbahan. Ngayon totoong ang mga Kristiyano ay pinaguusig ng mga sumuway kay Cristo; sa mga tumanggap ng kasalanan at pinanatiling mabuti sa loob ng katawan ni Cristo.

"Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. " (Pahayag 2:10) Dito sinasabi ni Cristo sa kanila at sinasabi sa atin ngayon, Huwag katakutan ang mga bagay na ito, ibig sabihin na ikaw ay lumalakad at pumupunta sa tamang daan. Alam ba ng Panginoon na magkakaroon ng pag uusig? Oo, at isandaang porsyento kung tayo'y magpapatuloy sa tamang direksyon upang isabuhay ang ating buhay sa Diyos at para maglingkod sa Kanya tayo ay mahaharap sa paguusig. Binigyan sila ni Cristo ng paunawa at babala na sila'y magdurusa at dadaan sa mga kaguluhan at ang diablo ay ang isa na gagawa niyon para sa kanila. Nalalaman lahat ni Cristo ang hinaharap at kaya naman binibigyan Niya sila ng abiso ng maaga para maging handa. Dito Hinihikayat sila ni Cristo na huwag matakot at huwag panghinaan ng loob sa pagdurusa. Bakit? Una, dahil si Cristo ay sumasa kanila, at hindi Niya sila iiwan ng walang tulong, Pangalawa, ang kahahantungan ng lahat nh mga pagsubok ay nalalaman at naayos na, na sila ay muling bubuhayin, magkakaroon ng buhay na walang hanggan at tatanggap ng putong ng katuwiran, gaya ng sinabi ni Pablo, "7 Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: 8 Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita." (2 Timoteo 4:7-8) Ang putong ng katuwiran ay ang putong ng buhay na walang hanggan sa mga nabubuhay sa katuwiran. Dapat nating panatilihin ang pananampalataya at huwag baguhin ang Salita ng Diyos upang paluguran ang mga tao. Kailangan nating magpatuloy na sumulong. Kailangan nating magpatuloy na mangaral. Kailangan nating magpatuloy na gawing malinaw ang mensahe, na sa mga nakarinig, magagawa nilang makita ang kanilang mga kasalanan at ang paraan na magsisi at makawala sa mga ito, at kailangan nating magpatuloy sa pamumuhay kay Cristo. Ang mga tao na inaabot natin alinman sila'y magsisi at simulang sumunod kay Cristo kasama natin, o sila'y mamuhi sa atin at magsimulang usigin tayo.

Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: Hinihayat sila ni Cristo dahil ang pagdurusa ay may kasangkot na mga salitang panglalait, at mga atake ng dila, emosyonal at mga kaguluhan sa isip, pagbubukod, pagkawala ng trabaho, at kita, pagkuha ng mga ari arian, pambubugbog, pagpapahirap, at kahit na pagpatay.

Narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Ito ay hindi malinaw kung anong ibig sabihin ni Jesus sa panahon ng sampung araw. Ito ay maaring literal, o ito ay maari maging isang sampung yugto ng panahon o sampung termino ng mga emperador ng Romano. Ngunit kahit na tayo'y ilagay sa bilangguan ang Salita ng Diyos ay hindi hihinto, kundi ito ay magpapatuloy na maipahayag sa nawawala. Ano ang mapapagpasyahan natin mula

doon ay ang paguusig ay hindi matatapos o mahihinto, ngunit magpapatuloy hanggang si Cristo ay dumating at makatagpo natin Siya sa alapaap. Kaya't kailangan nating magtiyaga.

Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay: Ang tagubilin ni Cristo sa simbahan ay kailangan nilang maging tapat hanggang sa huli at tatanggapin nila mula kay Cristo ang putong ng buhay. Maging matapat, huwag mandaya at huwag makipagkompromiso at huwag magpapuri sa mga tao dahil sa paguusig. Kung hinayaan ng Diyos ang paguusig na mangyari sa gayon tiisin ito at huwag hayaang huminto sa pamamagitan ng paguusig. Mapapansain natin iyon sa simbahang ito ng Smirna walang paalala para sa punto na si Cristo ay hindi masaya sa simbahan. Ngunit sa pagkakaunawa natin dito na ang pokus ni Cristo sa simbahang iyon ay hindi dapat magpakita ng anumang walang katapatan, bagkus magtiis hanggang huli. Ang mensahe sa simbahan ay itaas sila huwag panghinaan ng loob at huminto sa kanilang paglalakbay. Inuudyukan sila ni Cristo na maging tapat hanggang sa huli, hanggang sa punto ng kamatayan, at ibibigay Niya sa kanila, ang putong ng buhay. Ang putong ng buhay ay ang buhay na walang hanggan.

Ang mga eskriba at ang nga Fariseo sa simbahang ito ay ang mga umiibig sa buhay ngunit sila'y mawawalan. Ngunit pinagpala ang mga nawalan ng kanilang buhay para kay Cristo sapagkat kanilang masusumpungan ang mga ito gaya ng sinabi ni Jesus, "Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon." (Mateo 16:25) Ang higit na nagkakamit na maligtas at pinapanatili ang buhay at umiiwas sa pagdurusa, sa gayon ikaw ay mawawalan, ngunit kapag iyong inaalay ang iyong buhay sa Diyos, sa gayon ikaw ay maliligtas.

Ang Banal na Kasulatan ay tinatawag tayong pinagpala kapag dumaan tayo sa mga pagsubok at mga tukso at tiniis ang mga ito. Pagkatapos tayong subukin ng mga tukso, at tiniis ang mga ito, matatangap natin ang putong ng buhay na ipinangako ng Panginoon sa mga umiibig sa Kanya. "Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagsisiibig sa kaniya." (Santiago 1:12)

"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan." (Pahayag 2:11) Nais ni Cristo sa kanila na marinig kung ano ang ipinapadala ng Banal na Espiritu sa kanila ng mensahe. Nais ni Cristo sa atin na maging alisto sa tinig ng Banal na Espiritu. Gagantimpalaan Niya tayo kapag tayo'y nagtiyaga. Ang nais ng Banal na Espiritu ngayon ay makinig ka at tanggapin ang paguusig at huwag mong lampasan ito. Nang si Cristo ay nagdusa, Sinabi niya sa Diyos na alisin ang saro mula sa kanya, ngunit sa huli sinabi Niya, hindi ang aking kalooban kundi ang ayon ang ibig mo. "At lumakad siya sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo." (Mateo 26:39)

Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan: Sinasabi ni Cristo sa kanila, maaring sila'y usigin at saktan, at kahit patayin para sa Kanyang pangalan, ngunit sila'y hindi parurusahan sa ikalawang kamatayan. Ang mga nagtiis at nanatiling tapat hanggang sa huli, sila'y mamahala at maghahari kasama ni Cristo sa Kanyang pagbabalik para sa isang libong taon, at ang pangalawang kamatayan ay walang kapangyarihan sa kanila, habang ang mga hindi nagtagumpay sila'y magdurusa mula sa pangalawang kamatayan kasama ng masasama, ang pangalawang kamatayan ay ang dagatdagatang apoy at asupre. "4At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus, at dahil sa salita ng Dios, at ang mga hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon. 5Ang mga iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. Ito ang unang pagkabuhay na maguli. 6Mapalad at banal ang makalakip sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Cristo, at mangaghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon. 14At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. " (Pahayag 20:4-6, 14)

Sa aking mahal at minamahal: Gaya ng ating napakinggan sa mensahe ng Diyos, tayo ay magsisi sa ating mga kasalanan, at italaga nating muli ang ating buhay sa Diyos at mabuhay sa plano ng Diyos na itinalaga Niya sa atin para isabuhay. Tayo ay maging handa na mawalan ng ating buhay para kay Cristo upang makamit natin ang putong ng buhay, ang buhay na walang hanggan at hindi tayo mapaparusahan ng pangalawang kamatayan.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggang. Panginoon, salamat sa iyong Salita na humikayat sa akin at nagawa kong maunawaan na kailangan kong magtiyaga na patuloy na isabuhay ang buhay para sayo at maging handa na dumaan sa mga pagsubok at paguusig at huwag matakot sa kamatayan.

Ipagtapt ang mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan.
Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong kawalan ng pagtitiyaga at ang iyong kawalang kagustuhang magdusa sa panahon ng paguusig.

Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita na aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon aking isinusuko ang aking buhay at aking buong kalooban sayo. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na magebanghelyo abutin ang bagong mga tao para kay Cristo. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na maging isang mabuting halimbawa sa iba upang ikaw ay makita ng mga tao sa pamamamgitan ng aking buhay. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at kahinahunan na tiisin ang pwersa ng paguusig dahil sa iyong Salita. Panginoon pusposin mo ako ng iyon Banal na Espiritu at magkaroon ng ganap sayo. Panginoon ibigay sa

akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga handang tumalima sayo.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sayo at magdusa para sa iyong Salita. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at paging dapatin silang dumaan sa paguusig at magtiis hanggang ikaw ay dumating at dalhin kami kasama mo sa Langit.

Panginoon pagpalain kami at suportahan kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon ibigay sa amin ang higit ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang makapagebanghelyo at abutin ang mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com